٣/١٥٦

TUNGO SA PANG-UNAWA

SA

# ISLAM AT MGA MUSLIM

ISINALIN SA WIKANG PILIPINO

NI

KHALID EVARISTO




المكتب التعاوني للدعوة والارشاد وتوعية الجاليات بالبديعة

تحت اشراف وزارة الشؤون الإسلامية و الاوقاف والدعوة و الارشاد

ص.ب ٢٤٩٣٢ الرياض ١١٤٥٦ - هاتف ٤٣٣٠٨٨٨ - فاكس ٤٣٠١١٢٢

ردمك : ٩٩٦٠-٧٩٩-٧٥-١

مطبعة دار طيبة - الرياض - ت: ٤٢٨٣٨٤٠

# TUNGO SA PANG-UNAWA

# SA

# ISLAM at mga MUSLIM

## Understanding Islam *and* Muslims

**Isinalin sa Wikang Pilipino**

**ni**

**Khalid Evaristo**
**(ISCAG-PHIL.)**

**For more information about Islam,**
**Please contact or visit:**


**AL-HUWAILAT MULTI-LANGUAGE LIBRARY**
Opposite Al-Huwailat Recreation Center
Tel.: 03-341-8639
P.O. Box 10528, Jubail 31961

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin

# PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga daigdig. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa-lahat ng Propeta, kay Propeta Muhammad, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga Sahaba (kasamahan) at sa lahat nang nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Ang ISCAG-Phil. (Islamic Studies, Call & Guidance-Philippines) ay itinatag upang tumulong sa pagpapalaganap ng Islam. Isa sa pangunahing adhikain nito ay itama ang maling pananaw ng karamihang Pilipino tungkol sa Islam at mga Muslim.

Kabilang sa mga proyekto ng ISCAG-Phil. ay ang paglalathal ng babasahing Islamiko upang iparating sa bawa't Pilipino Muslim man o hindi, ang tunay na itinuturo ng pananampalatayang Islam.

Ako ay nagpapasalamat sa lahat ng mga kapatid na tumulong sa paghahanda ng aklat na ito. Dalangin ko sa Allah na sana'y biyayaan sila dito sa lupa at maging sa kabilang buhay.

Nawa'y tanggapin ito ng Allah bilang paglilingkod ng tangi lamang sa Kanya, Ameen.

ISCAG-PHIL.

Khalid Evaristo
Managing Director

## Ano ang Islam?

Ang Islam ay hindi bagong relihiyon. Ito ay ang dating katotohanan na ipinahayag ng Diyos (Allah) sa pamamagitan ng lahat ng Propeta na Kanyang ipinadala sa daigdig.

Para sa ika-limang bahagi ng mamamayan sa buong daigdig, ang Islam ay kapwa relihiyon at panuntunan ng buhay. Ang mga Muslim ay tagasunod ng isang pananampalataya ng kapayapaan, pagkamahahabagin at pagpapatawad. Walang kinalaman ang karamihang Muslim sa buong daigdig sa mga kapalaluan na nangyayari sa ngayon na ipinararatang sa kanilang pananampalataya.

## Sino ang mga Muslim?

Isang bilyong mamamayan mula sa iba't-ibang kulay, lahi at kultura sa buong daigdig mula sa timog ng Pilipinas hanggang Nigeria, ay nagkakaisa sa kanilang pananampalatayang Islam. Mga labing-walong bahagdan (18%) ay nakatira sa mga bansang Arabo. Ang pinakamalaking bilang ng sambayanang Muslim ay nasa Indonesia. Marami ding bahagi ng Asia at Afrika ay mga Muslim. Gayundin, may minoridad na Muslim na matatagpuan sa Rusya, Tsina, hilaga at timog Amerika at sa Europa.

## Ano ang Paniniwala ng mga Muslim?

Ang mga Muslim ay naniniwala sa Iisa, natatangi at di-matutularang Allah (Dakilang Lumikha); sa mga Anghel na Kanyang nilikha; sa mga Propeta na kung kanino ipinahayag ang Kanyang Kapahayagan para sa tao; sa Araw ng Paghuhukom at sa pananagutan ng bawa't isa sa kanyang mga gawa; sa ganap na paghahari ng Allah sa kahihinatnan ng sangkatauhan; at sa buhay pagkatapos ng kamatayan.

Ang mga Muslim ay naniniwala sa mga Propeta magmula kay Adam. Kabilang na rito sina Noah, Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, Joseph, Job, Moses, Aaron, David, Solomon, Elias, Jonah, Juan Bautista, Hesus at si Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan).

Ang huling mensahe ng Allah sa sangkatauhan, isang patotoo at kaganapan ng lahat ng mga sinaunang mensahe, ay ipinahayag sa Kanyang huling Propeta na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel.

## Paano Maging Muslim?

Isang payak na pagbanggit ng "Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo ng Allah." Sa pamamagitan ng ganitong pagsaksi, ang isang nananampalataya ay ipinahahayag niya ang kanyang paniniwala sa lahat ng Sugo na ipinadala ng Allah at sa mga Kapahayagan na kanilang dinala.

## Ano ang Ibig Sabihin ng Islam?

Ang "Islam" ay isang katagang Arabik na nangangahulugan ng pagsuko. Ito ay hinango sa salitang-ugat na "Salam" na nangangahulugan ng kapayapaan. Sa pangrelihiyong kahulugan, ito ay nangangahulugan ng ganap na pagsuko sa kalooban ng Allah. Kaya naman, ang katagang Muhammadanismo na ini-uugnay sa mga Muslim ay isang maling katawagan sa dahilang ito ay nagbibigay pahiwatig na ang mga Muslim ay sumasamba kay Muhammad at hindi sa Allah.

Ang "Allah" ay isang pangalang Arabik sa Tangi at Nag-iisang Tunay na Diyos. Ito ang tawag sa Dakilang Lumikha na gamit ng lahat ng Arabo, Muslim man o Kristiano.

## Bakit Tila Kakaiba ang Islam?

Sa makabagong daigdig, ang Islam ay tila makaluma at may kalabisan. Marahil, ito ay sa dahilang ang pananampalataya sa mga bansang kanluran sa ngayon ay hindi na nangingibabaw sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa kabilang dako naman, ang mga Muslim ay lagi nang nangunguna ang kanilang pananampalataya sa kanilang kaisipan. Hindi nila inihihiwalay ang kanilang buhay sa pananampalataya. Sila ay naniniwala na ang Banal na Batas - ang Shari'ah, ay nararapat na bigyang halaga. Kaya naman, ang mga usapan na may kaugnayan sa pananampalataya ay sadyang mahalaga pa rin.

## Magkaiba ba ang Pinagmulan ng Islam at Kristiyanismo?

Hindi. Kasama ng Judaismo, sila ay nagbuhat kay Propeta Abraham na tinaguriang Ama ng Mananampalataya. Ang kanilang kinikilalang tatlong Propeta ay nagmula sa kanyang mga supling: Si Muhammad galing kay Ismael, sina Moises at Hesus ay galing kay Isaac. Si Abraham ay nagtatag ng pamayanan sa isang pook na tinatawag ngayong Makkah. Itinayo niya ang Ka'aba na kung saan humaharap ang mga Muslim sa kanilang pagdarasal.

## Ano ang Ka'aba

Ang Ka'aba ay isang pook dasalan na iniutos ng Allah kay Abraham at Ismail na itayo mga apat na libong taon na ang nakararaan. Ang gusali ay yari sa bato na pinaniniwalaan na unang pook ng santuwaryo na itinayo pa noon ni Adam. Iniutos ng Allah kay Abraham na tawagin ang sangkatauhan na puntahan ang pook na ito. Kaya naman, kapag pumunta ang mga naglalakbay sa ngayon, sila ay nagsasabi: "O Panginoon namin, naririto kami upang sa Iyo'y maglingkod", bilang pagtugon sa panawagan ni Abraham.

## Sino si Muhammad?

Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isinilang sa Makkah noong taong 570 sa panahon na ang Kristianismo ay hindi pa lubusang lumalaganap sa Europa. Sa dahilang ang kanyang ama ay namatay bago pa siya isilang at sumunod pa

rito ang pagkamatay ng kanyang ina noong siya ay bata pa, siya ay pinalaki ng kanyang tiyuhin (kapatid ng kanyang ama), mula sa iginagalang na tribo ng Quraish sa Makkah. Sa kanyang paglaki, siya ay kilala bilang makatotohanan, mapagbigay, at matapat. Kaya naman, siya ay lagi nang tinatawag upang mamagitan sa mga hidwaan ng kanyang angkan. Ang mga mananalaysay ay ipinakikilala siya bilang isang taong mapayapa at mapagmuni-muni.

Si Muhammad ay may likas na pagka-relihiyoso at kanyang kinasusuklaman ang mga tiwaling kaugalian ng kanyang sambayanan. Nakagawian niyang magmuni-muni at paminsan-minsang pumupunta sa kuweba na Hira na malapit sa tuktok ng Jabal Al Nur ("Bundok ng Liwanag") na malapit sa Makkah.

## Paano Siya Naging Propeta at Sugo ng Allah?

Sa gulang na apatnapu, habang siya ay nag-iisang nagmumuni-muni, si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nakatanggap ng unang kapahayagan mula sa Allah sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Ang Kapahayagang ito na nagpatuloy na ipinahayag sa loob ng dalawampu't-tatlong taon ay ang Banal na Qur'an.

Nang kanyang simulan ang pagpapahayag sa mga kataga na kanyang narinig kay Anghel Gabriel, at kanyang ipangaral ang katotohanan na ipinahayag ng Allah sa kanya, siya at ang kanyang mga tagasunod ay nakaranas ng mapait na pagtugis na naging malala hanggang sa utusan sila ng Allah na mangibang bayan noong taong 622. Ang pangyayaring ito ay tinatawag na "Hijra" (pangingibang-bayan). Kanilang nilisan ang Makkah at

nagtungo sa Medinah, mga 260 milya sa hilaga ng Makkah. Dito nagsimula ang kalendaryong Muslim.

Matapos ang ilang taon, ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) kasama ng kanyang mga tagasunod ay bumalik sa Makkah. Kanyang pinatawad ang kanilang mga kaaway at mahigpit na itinatag ang Islam. Bago namatay ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa gulang na 63, ang malaking bahagi ng Arabia ay Muslim na. At sa loob ng isang siglo pagkaraan ng kanyang kamatayan, lumaganap ang Islam hanggang sa Espania sa kanluran at sa Tsina sa silangan.

## Ano ang Naging Bunga ng Paglaganap ng Islam sa Daigdig?

Ang ilan sa mga dahilan ng mabilis at mapayapang paglaganap ng Islam ay ang pagiging payak ng doktrina nito. Ang Islam ay tumatawag sa pananampalataya sa iisang Diyos na Lumikha (Allah) na dapat sambahin. Gayundin, nag-uutos sa tao na gamitin ang kanyang katalinuhan at pagmamasid. Sa loob lamang ng ilang taon, naitatag ang malalaking sibilisasyon at mahuhusay na unibersidad. Sa dahilang ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi: "Ang paghahanap ng kaalaman ay tungkulin ng bawa't Muslim - lalake man o babae." Ang pinagsamang kabihasnan ng kanluran at silangan, at ang magkaakibat ng luma at bagong kaisipan, ay nagbigay ng mabilis na pagsulong sa larangan ng medisina, matematika, pisika, astronomiya, geograpiya, arkitektura, sining, literatura at kasaysayan. Maraming mga mahahalagang pamamaraan tulad ng Algebriya, mga numerong Arabik at ang konsepto ng "zero" (na sadyang mahalaga sa pagsulong ng

matematika) ay nailipat ng Islam sa Europa.

Ang mga kahanga-hangang kagamitan o instrumento na tumulong sa Europa sa kanilang paglalayag sa dagat ay naimbento kagaya ng "astolabe", "quadrant" at mahuhusay na mapang pandagat.

## Ano ang Qur'an?

Ang Qur'an ay isang aklat ng mga Salita ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Ito ay naisaulo ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapan) at kanyang isinalaysay sa kanyang mga "Sahaba" (kasamahan) at naisulat ng mga iskriba, at masusing sinuri noong siya ay nabubuhay pa. Sa paglipas ng panahon, walang isa man sa mga kataga sa 114 "Suras" (kabanata) ang nagbago. Kaya naman, ang Banal na Qur'an, maging sa kaliit-liitang bahagi nito ay isang kakaiba at mahimalang Kasulatan na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) may labing-apat na dantaon na ang nakararaan.

## Ano ang Nilalaman ng Banal na Qur'an?

Ang Banal na Qur'an ay ang huling Kapahayagan ng Allah. Ito ay ang pangunahing saligan ng pananampalataya at pagtupad ng bawa't Muslim. Ito ay tumutukoy sa lahat ng mga paksa na nag-uugnay sa tao: kabutihan, doktrina, pagsamba, at batas. Subali't ang pangunahing paksa nito ay ang ugnayan ng Allah sa Kanyang mga nilikha. Kaalinsabay nito, ito ay nagbibigay ng pamantayan o alituntunin upang marating ang makatarungang

lipunan, mabuting pag-uugali, at ang makatuwirang pamamaraang pangkabuhayan.

## Mayroon pa bang Ibang Banal na Saligan?

Oo, ang Sunnah - mga pagsagawa at halimbawang ibinigay ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ito ang pangalawang batayan ng mga Muslim. Ang mga Sunnah o Hadith ay mga mapapanaligang ulat na masusing isinulat tungkol sa mga sinabi, ginawa, at pinahintulutan ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ang paniniwala sa mga Sunnah ay bahagi ng pananampalatayang Islam.

Mga halimbawa ng mga sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan).

"Ang Allah ay walang habag sa kaninumang walang habag sa kapuwa."

"Walang sinuman sa inyo ang tunay na nananampalataya hanggang sa naisin niya sa kanyang kapuwa ang nais niya sa kanyang sarili."

"Siya na nagpapakabusog habang ang kanyang kapitbahay ay walang makain ay hindi nananampalataya."

"Ang matapat at mapagkakatiwalaang mangangalakal ay kasama ng mga Propeta, mga uliran at mga martir."

"Ang malakas ay hindi yaong mahusay makipagbuno kundi yaong napipigil ang sarili kapag siya ay galit."

"Hindi humahatol ang Allah ayon sa inyong katawan o anyo bagkus tinitingnan Niya ang inyong puso at mga gawa."

"Isang tao na naglalakbay ay nauhaw. Nang marating niya ang isang balon, siya ay lumusong at uminom. Nang siya ay umahon, nakita niya ang isang aso na nakalaylay ang dila at sinisipsip ang putik upang maibsan ang uhaw. Ang tao ay lumusong ulit sa balon at sumalok ng tubig sa kanyang sapatos at ibinigay niya ito sa aso. Dahil dito, ang Allah ay pinatawad siya sa kanyang mga kasalanan." Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay tinanong: "Kami ba ay bibiyayaan sa pagiging mabait sa mga hayop?" Siya ay sumagot: "May gantimpala ang kabaitan sa anumang may buhay." (Mga hadith na tinipon nina Bukhari, Muslim, Tirmithi at Bayhaqi)

## Ano ang Limang Haligi ng Islam?

Ito ang balangkas ng buhay ng isang Muslim: Pananampalataya, Pagdarasal, Pagtingin sa mga dukha, Pagpapakadalisay sa sarili, Paglalakbay sa Makkah sa mga may kakayahan.

### 1. Shahada (Pananampalataya)

Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo ng Allah. Ang pagtestigong ito ay tinatawag na Shahada. Ito ay isang payak na pangungusap na ipinahahayag ng lahat ng nananampalataya. Sa wikang Arabik, ang unang bahagi ay "La illaha illa'Llah" - walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. Ang "ilaha" ay maaaring iugnay sa anuman na pilit na inihahambing o ipinapalit sa Allah kagaya ng yaman, kakayahan, at iba pa.

**Ang susunod ay ang "illa'Llah" - maliban sa Allah, ang pinanggalingan ng lahat ng nilikha. Ang pangalawang bahagi ng Shahada ay ang "Muhammadar Rasulullah" - Si Muhammad ay Sugo ng Allah. Isang Mensahe ng Patnubay na dumating sa isang tao na kamukha natin.**

**2. Salaah (Pagdarasal)**

Ang "Salaah" ay ang tawag sa mga itinakdang pagdarasal na isinasagawa ng limang beses maghapon. Ito ay mga tuwirang ugnayan ng sumasamba sa kanyang Panginoon. Walang natatanging hanay na mga awtoridad sa Islam kagaya ng Papa, obispo, pari, atbp. Kaya naman ang mga nagdarasal ay pinangungunahan ng sinumang maalam sa Banal na Qur'an na pinili ng kongregasyon. Ang limang itinakdang pagdarasal ay nagtataglay ng mga kabanata o talata sa Banal na Qur'an at ito ay binabanggit sa wikang Arabik - ang wikang ginamit sa pagkapahayag nito. Gayunpaman, ang mga personal na pagsusumamo ay maaaring banggitin sa sariling wika. Ang Salaah ay iniaalay tuwing madaling-araw, tanghali, hapon, takipsilim at gabi. Dito makikita ang daloy ng buhay ng isang Muslim sa buong maghapon. Bagama't higit na ipinapayo ang pagdarasal ng sama-sama o kongregasyon sa Mosque, ang isang Muslim ay maaaring magdasal halos sa lahat ng (malilinis na) pook kagaya ng bukid, tanggapan, pagawaan, unibersidad, atbp. Ang mga panauhin o turista sa mga bansang Muslim ay napupuna ang bahagi ng pagdarasal sa pang-araw-araw na buhay ng isang Muslim.

**3. Zakat (Kawanggawa)**

Ang isa sa mga mahahalagang simulain ng Islam ay ang aral na ang lahat ng bagay ay pagmamay-ari ng Allah. Kaya naman, ang yaman na tangan ng tao ay itinuturing na tiwala lamang na ibinigay sa kanya. Ang katagang Zakat ay nangangahulugan ng kapwa pagpapakadalisay at pagpapaunlad. Ang ating ari-arian ay nalilinis sa pamamagitan ng paglalaan ng bahagi nito para sa mga dukha. Kagaya ng pagtagpas o paggupit sa halaman, ito ay nagbibigay na bagong usbong na sanga. Ang bawa't Muslim ay siya mismo ang tumatantiya ng sarili niyang Zakat. Ito ay 2.5% sa natitirang yaman na inilalaan ng taunan upang ibigay sa mga mahihirap.

Ang isang maka-diyos na nais magkamit ng maraming gantimpala, ay maaaring magbigay ng higit pa (ito ay tinatawag na ngayong Sadaqa). Hangga't maaari, dapat ibigay ito ng lihim. Kahima't maaaring isalin ang "Sadaqa" bilang 'kusang-loob na kawanggawa', ito ay mayroong higit na malawak na kahulugan. Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi:

"Ang masiglang pagsalubong sa kapatid ay isáng Sadaqa."

"Ang kawanggawa ay tungkulin ng bawa't isa." Siya ay tinanong: 'Paano na kung ang isang tao ay walang-wala?' Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi: 'Siya ay dapat maghanapbuhay sa sariling kamay ukol sa kanyang kapakanan at magbigay ng anuman sa kawanggawa mula sa kanyang kinita.' Siya ay tinanong: 'Paano kung hindi na siya makapaghanapbuhay?' Ang Propeta (sumakanya nawa ang

kapayapaan) ay nagsabi: 'Siya ay dapat tumulong sa mga mahihirap at mga nangangailangan.' Siya ay patuloy na tinanong: 'Paano kung hindi niya kayang gawin ito?' Siya ay sumagot: 'Siya ay dapat maghikayat sa kapuwa upang gumawa ng mabuti.' Siya ay tinanong: 'Paano kung hindi pa rin niya kayang gawin ito?' Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay sumagot: 'Dapat siyang mag-ingat na huwag gumawa ng masama, ito ay isa ring kawanggawa.'"

**4. As-Siyam (Pag-aayuno)**

Sa bawa't taon tuwing buwan ng Ramadhan, ang lahat ng Muslim ay nag-aayuno mula bukang-liwayway hanggang sa takip-silim. Sila ay umiiwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa. Ang mga maysakit, matatanda, manlalakbay, at nagdadalantao o ginang na nagpapasuso ng sanggol ay pinahihintulutang tumigil sa pag-aayuno at isagawa na lamang ito pagkatapos ng Ramadan anumang araw sa buong taon bago sumapit ang susunod na Ramadan. Kung hindi nila maisagawa ito dulot ng katandaan o maselang karamdaman, nararapat na magpakain ng isang dukha sa bawa't araw na hindi makapag-ayuno. Ang mga bata ay mag-uumpisang mag-ayuno (at magdasal) bilang tungkulin kapag umabot na sila sa pagbibinata at pagdadalaga. Magkagayunman, maaari na silang mag-umpisa ng maaga bilang pagsasanay.

Kahima't ang pag-aayuno ay nakabubuti sa kalusugan, higit na binibigyang pansin na ito ay isang paraan ng pagpapakadalisay sa sarili. Ang pag-iwas sa mga makamundong kaginhawahan, kahit sa maikling panahon lamang, ay nagbibigay sa isang nag-aayuno ng simpatiya sa mga mahihirap na nagugutom. Ito rin

ay nagpapalago ng buhay ispirituwal.

**5. Hajj (Paglalakbay sa Makkah)**

Ang Hajj ay ginagampanan minsan sa tanang buhay ng isang Muslim. Ito ay nagiging tungkulin kapag ang isang Muslim ay nasa tamang gulang at kaisipan, may magandang kalusugan, at may gugugulin sa paglalakbay. Sa bawa't taon, mga 2 milyong Muslim mula sa iba't-ibang panig ng daigdig ang nagtutungo sa Makkah. Ito ay nagbibigay pagkakataon sa iba't-ibang lahi na magkita sa isa't-isa. Ang Hajj ay nagsisimula sa ika-labing dalawang buwan ng kalendaryong Muslim (ang kalendaryong ito ay nakasalalay sa buwan at hindi sa araw. Kaya naman, ang Hajj at Ramadan ay maaaring mangyari sa panahon ng tag-init o taglamig). Ang mga pelegrino (manlalakbay) ay may natatanging kasuotan. Isang payak na kasuotan na nag-aalis sa pagkakaiba ng uri at kultura bilang aral na ang lahat ay pantay-pantay sa paningin ng Allah.

Ang mga seremonya ng Hajj na nababatay sa mga ginawa ni Propeta Abraham (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay kinabibilangan ng pag-ikot sa Ka'aba ng pitong ulit, ang paglalakad ng pitong beses sa magkabilang bundok ng Safa at Marwa kagaya ng ginawa ni Hagar (isa sa mga asawa ni Propeta Abraham [sumakanaya nawa ang kapayapaan] ) nang siya ay naghahanap ng tubig. Pagkatapos nito ay ang pagtindig ng mga manlalakbay sa bundok ng Arafa at magkaisang manalangin at humingi ng kapatawaran sa Allah. Ang ganitong mga rituwal ay nagbibigay din ng paggunita sa Araw ng Paghuhukom.

Noong mga nakaraang dantaon, ang pagsagawa ng Hajj ay

sadyang napakahirap. Subali't sa ngayon, ang Saudi Arabia ay nagbibigay sa milyong-milyong manlalakbay ng masaganang tubig, makabagong sasakyan, at mga modernong pasilidad pangkalusugan. Ang pagtatapos ng Hajj ay isang pagdiriwang. Ito ay tinatawag na Eid Al Adha. Ipinagdiriwang ito ng lahat ng sambayanang Muslim sa buong daigdig nang may pagdarasal at palitan ng regalo. Ang Eid Al Adha at ang Eid Al Fitr (isang pagdiriwang bilang paggunita sa katapusan ng Ramadan), ay dalawang malalaking araw ng pagdiriwang sa kalendaryong Muslim.

## Pinahihintulutan ba sa Islam ang Ibang Pananampalataya?

Ang Banal na Qur'an ay nagsasabi: "Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makitungo ng mabuti at makatarungan sa kanila na hindi naman kayo kinakalaban sa inyong pananampalataya o hindi naman kayo ipinagtatabuyan sa inyong mga tahanan; sapagka't minamahal ng Allah ang mga makatarungan." (Qur'an 60:8)

Isa sa mga ipinaiiral ng batas Islamiko ay ang pangangalaga sa karapatan ng minoridad. Kaya naman dumami ang mga pook-sambahan ng di-muslim na matatagpuan sa iba't-ibang bansang Muslim. Ang kasaysayan mismo ang nagbibigay halimbawa sa pagpapahintulot ng mga Muslim sa ibang pananampalataya: Nang si Khalifa Omar ay pumasok sa Herusalem noong taong 634, ang Islam ay nagbigay kalayaan sa lahat ng relihiyon sa lunsod na iyon.

Ang batas Islamiko ay nagbibigay pahintulot sa mga di-Muslim

na minoridad na magtatag ng sariling hukuman na magpapairal sa kanilang pampamilyang batas na sila mismo ang gumawa at nagpatibay.

## Ano ang Pananaw ng mga Muslim kay Hesus?

Ang mga Muslim ay iginagalang at nagbibigay pitagan kay Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Hinihintay din nila ang kanyang pagbabalik. Siya ay ibinibilang na isa sa mga bantog na Sugo ng Allah. Hindi sapat sa isang Muslim na tawagin lamang siya sa kanyang pangalang Hesus, bagkus dinadagdagan ito ng mga katagang 'sumakanya nawa ang kapayapaan'(bilang pagmamahal at paggalang sa kanya). Ang Banal na Qur'an ay nagpapatotoo sa kanyang pagsilang sa isang birhen (isang kabanata sa Banal na Qur'an ay may pamagat na 'Maria'). Si Maria ay itinuturing na pinakadalisay na babae sa lahat ng kababaihan. Ang Banal na Qur'an ay nagsasabi tungkol sa pagbibigay ng magandang balita:

"At masdan! Ang Anghel ay nagsabi: 'Ang Allah ay itinangi ka sa lahat ng kababaihan sa lahat ng bansa. O Maria, ang Allah ay nagbibigay sa iyo ng isang magandang balita - isàng Salita mula sa Kanya, ang kanyang pangalan ay Messiya Hesus, anak ni Maria, pararangalan dito sa lupa at sa kabilang buhay, at siya ay isa sa mga malalapit sa Allah. Siya ay mangungusap sa tao mula sa kanyang duyan at sa kanyang pagtanda, at siya ay mabibilang sa mga maka-diyos'."

"Siya (Maria) ay nagsabi: 'O aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng anak samantalang wala pang lalaking sumaling sa akin?' Siya ay nagsabi: 'Kahit na! Ang Allah ay lumilikha ng

bawa't naisin Niya. Kapag itinakda Niya ang isang bagay, sasabihin lamang Niya: 'Maging' at ito'y mangyayari na'." (Qur'an 3:42-47)

Si Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isinilang ng mahimala sa pamamagitan ng kapangyarihan na nagbigay buhay din kay Adam (sumakanya nawa ang kapayapaan) na nilikha na walang ama:

"Katotohanan, ang katulad ni Hesus sa paningin ng Allah ay kagaya ni Adam. Nilikha siya mula sa alabok, at sinabi sa kanya, 'Maging' at siya'y naroon na." (Qur'an 3:59)

Sa panahon ng kanyang misyon, si Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay gumawa ng maraming milagro. Ang Banal na Qur'an ay nagsasaad na siya ay nagsabi:

"Ako ay dumating sa inyo na may dalang Tanda mula sa inyong Panginoon: Gagawa ako mula sa luwad na ito ng isang hugis ibon, aking hihipan at ito'y magiging ibon sa pahintulot ng Allah. At pagagalingin ko ang mga bulag at ketongin, at aking bubuhayin ang patay sa pahintulot ng Allah. (Qur'an 3:49)

Maging si Muhammad o si Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan) ay hindi nagbigay pagbabago sa pangunahing doktrina sa paniniwala sa iisang Diyos (Allah) na itinuro ng mga naunang Propeta. Bagkus, pinagtibay at ibinalik nila ang doktrinang ito. Sa Banal na Qur'an, si Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi na siya ay dumating:

"Upang pagtibayin ang mga batas na nauna sa akin. At

pahihintulutan sa inyo ang bahagi ng mga bagay na ipinagbawal sa inyo. Ako ay dumating sa inyo na may dalang Tanda mula sa inyong Panginoon, kaya't matakot sa Allah at sumunod sa akin." (Qur'an 3:50)

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi:

"Sinuman ang maniwala na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah - ang tangi at walang katambal, na si Muhammad ay Kanyang Sugo, na si Hesus ay Alipin at Sugo ng Allah, Kanyang salita na ibinigay kay Maria at isang ispiritu na ibinigay Niya, na ang Paraiso at Impiyerno ay totoo, siya ay tatanggapin ng Allah sa Paraiso." (Hadith na tinipon ni Bukhari)

## Bakit Ganoon na Lamang Kahalaga ang Pamilya sa Islam?

Ang pamilya ay pundasyon ng sambayanang Islam. Ang kapayapaan at kapanatagan na naibibigay ng matatag na pamilya ay binibigyang halaga, at ito ay itinuturing na isang mahalagang sangkap tungo sa pang-ispirituwal na pag-unlad. Ang mahusay na lipunan ay nakukuha lamang sa pananatili ng matatag na paglaki ng pamilya. Ang mga bata ay mistulang yaman, at bihirang lisanin ang tahanan maliban lamang sa panahon ng kanilang pag-aasawa.

## Ano ang Kalagayan ng mga Kababaihang Muslim?

Tinatanaw ng Islam ang isang babae, may asawa man o wala, bilang isang tao na may sariling karapatan. Mayroon siyang karapatang magkaroon at magbenta ng sarili niyang ari-arian. Siya ay binibigyan ng "Mahr" (regalo ng mapapangasawa sa panahon ng kanyang pag-aasawa) bilang sarili niyang gamit. Mananatili ang kanyang apelyido kahit na siya ay mag-asawa pa. Kapuwa lalake at babae ay inaasahang magdamit na simple at kagalang-galang. Ang mga kasuotan ng kababaihan sa mga bansang Muslim ay karaniwan nang nagpapakita ng sarili nilang tradisyon sa kani-kanilang pook.

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi:

"Ang pinakamahusay sa pananampalataya ay yaong mahusay ang pag-uugali at mabait sa asawa."

## Maaari bang Mag-asawa ng Higit sa Isa ang Isang Lalaking Muslim?

Ang relihiyong Islam ay ibinigay para sa lahat ng lipunan at sa lahat ng panahon. Kaya naman, nasasakop nito ang malawak at iba't-ibang pangangailangan ng lipunan. May mga pagkakataon na ang pag-aasawang muli ay kinakailangan. Ang karapatang ito ay pinahihintulutan, ayon sa Banal na Qur'an, sa isang kondisyon na ang lalake ay tunay na makatarungan.

## Ang Kasal ba sa Islam ay Katulad ng Kasal sa Kristiyanismo?

Ang kasalang Muslim ay hindi sakramento, bagkus ito ay isang payak na kasunduang legal na ang bawa't panig ay malayang magbigay ng mga kondisyon. Ang mga kaugaliang kasalan ay magka-iba sa bawa't bansa. Ang diborsiyo ay hindi laganap, bagama't ito ay hindi naman ipinagbabawal bilang panghuling hakbang. Sa Islam, walang Muslim na babae ang maaaring pilitin sa pag-aasawa lalu-na't laban sa kanyang kalooban. Maaari lamang magmungkahi ang mga magulang nang kanyang mapapangasawa na sa kanilang palagay ay nababagay sa kanya.

## Paano ang Pakikitungo ng mga Muslim sa mga Matatanda?

Sa mga bansang Muslim, walang mga bahay-ampunan na itinatayo para sa mga matatanda. Ang hirap sa pag-aalaga ng sariling magulang sa ganitong maselang kalagayan ng kanilang buhay ay itinuturing na isang karangalan, biyaya at pagkakataon para sa ispirituwal na pag-unlad. Inaatasan tayo ng Allah na ipagdasal ang ating mga magulang at bigyan sila ng walang humpay na pagmamalasakit bilang paggunita ng kanilang pag-aaruga sa atin noong tayo'y maliliit pa. Ang mga ina ay binibigyang parangal: ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi na ang Paraiso ay nasa paanan ng mga ina. Sa kanilang pagsapit sa katandaan, ang mga Muslim na magulang ay inaaruga ng may habag at pagmamahal.

Sa Islam, ang paglilingkod sa magulang ay isang tungkulin na

pumapangalawa sa pagdarasal. Karapatan nila na asahan ang kanilang mga anak na sila'y paglingkuran. Itinuturing na isang kasuklam-suklam na magpakita ng pagka-inis sa pag-aaruga sa mga panahong sila'y mahirap pakitunguhan dulot ng kanilang katandaan.

Ang Banal na Qur'an ay nagsasabi: "Ang inyong Panginoon ay nag-uutos sa inyo na sambahin lamang Siya, at maging mabait sa magulang. Kung isa o kapuwa man sila umabot sa katandaan, huwag magsabi sa kanila ng anumang panghahamak o huwag silang kagalitan, bagkus kausapin sila sa mga mararangal na paraan at kabaitan. Pakitunguhan sila nang may kababaang-loob, at magsabi, 'Panginoon ko! Mahabag sa kanila, sapagka't inaruga nila ako noong ako'y munting bata'." (Qur'an 17:23-24)

## Ano ang Pananaw ng Muslim sa Kamatayan?

Kagaya ng mga Hudyo at Kristiyano, ang mga Muslim ay naniniwala na ang kasalukuyang buhay ay isang pagsubok at paghahanda sa tunay at susunod na buhay. Ang mga pangunahing paniniwala sa Islam ay kasama ang: Araw ng Paghuhukom, Pagkabuhay na Muli, Paraiso at Impiyerno. Kapag namatay ang isang Muslim, siya ay nililinis ng tubig, kadalasan ng miyembro ng pamilya, ibabalot ng malinis na puting tela, at inililibing na may pagdarasal, hangga't maaari sa araw din ng kanyang pagkamatay. Itinuturing ng mga Muslim na ang pag-aasikasong ito ay isang panghuling paglilingkod na kanilang magagawa para sa yumao. Ito rin ay nagsisilbing paalaala sa kanilang napakaikling pananatili dito sa mundo. Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi na

may tatlong bagay na magpapatuloy na makatutulong sa isang tao kahit siya ay patay na; kawanggawa na kanyang naipamigay, kaalaman na kanyang naipamahagi at ang panalangin para sa kanya ng kanyang ulirang anak.

## Ano ang Pananaw ng Islam tungkol sa Digmaan?

Kagaya ng Kristiyanismo, pinahihintulutan ng Islam ang pakikipaglaban bilang pagtatanggol sa pananampalataya o pagtulong sa mga taong itinaboy ng di-makatarungan mula sa kanilang tahanan. Ang Islam ay nagbigay ng mahigpit na alituntunin sa digmaan na kinabibilangan ng pagbabawal sa pananakit ng sibilyan at paninira ng mga pananim, punongkahoy at hayupan. Gaya ng paniniwala ng mga Muslim, ang kawalang-katarungan at pang-aapi ay mangingibabaw sa daigdig kung ang mga mabubuting tao ay hindi handang itaya ang buhay para sa mabuting layunin. Ang Banal na Qur'an ay nagsasabi:

"Magsipaglaban para sa landas ng Allah laban sa kanila na nakikipaglaban sa inyo, subali't huwag lumabag sa hangganan. Hindi minamahal ng Allah ang mga lumalabag." (Qur'an 2:190)

"Kung ang hinahanap nila ay kapayapaan, hangarin din ang kapayapaan. At magtiwala sa Allah sapagka't Siya ang nakaririnig at nakababatid ng lahat ng bagay." (Qur'an 8:61)

Magkagayunman, ang digmaan ay ang pinakahuling pagpipilian at ito'y nababatay sa isang mahigpit na kondisyon na hinihingi ng banal na batas. Ang literal na kahulugan ng katagang "Jihad" ay pakikipagbaka. Naniniwala ang mga Muslim na may dalawang uri ng Jihad. Ang natitirang uri ay ang pakikipagbaka

ng sarili laban sa makasariling mithiin at pagnanasa. Ito ay mahalaga upang makamit ang tunay na kapayapaan.

## Ano naman ang tungkol sa Pagkain?

Bagama't higit na simple kaysa sa batas na sinusunod ng mga Hudyo at mga sinaunang Kristiyano, ang batas na sinusunod ng mga Muslim tungkol sa pagkain ay ang pagbabawal sa pagkain sa karne ng baboy at pag-inom ng anumang nakalalasing. Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi: 'ang iyong katawan ay may karapatan sa inyo'. Kaya naman, ang pagkain ng mabuting pagkain at pagtahak sa malinis na pamumuhay ay itinuturing na pangrelihiyong tungkulin.

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi: "Magsumamo sa Allah ng katiyakan (sa pananampalataya) at matiwasay na buhay; dahil pagkatapos ng katiyakan, wala nang higit na mahalagang biyayang matatanggap ng sinuman kaysa mabuting kalusugan!"

## Paano Ipatupad ng Islam ang Karapatang Pantao?

Ang kalayaan ng pagpili ay maliwanag na nasasaad mismo sa Banal na Qur'an: 'Walang sapilitan sa pananampalataya' (Qur'an 2:256)

Sa isang bansang Islam, ang buhay at ari-arian ng lahat ng mamamayan, Muslim man o hindi, ay itinuturing na sagrado.

Ang rasismo ay wala sa isipan ng mga Muslim sapagka't ang

Banal na Qur'an ay nagsasabi ng tungkol sa pagkakapantay-pantay ng tao sa ganitong mga pangungusap:

"O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa isang pares - lalake at babae, at ginawa Namin kayong mga bansa at tribo upang magkakilala sa isa't-isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay ang pinakamahusay sa inyo sa kabanalan. Ang Allah ay ang Maalam, ang Nakababatid ng lahat. (Qur'an 49:13)

**Ang kahulugan ng "Adhan" (Pagtawag sa Pagdarasal)**

Ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila.
Ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila.
Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah.
Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah.
Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.
Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.
Halina sa pagdarasal! Halina sa pagdarasal!
Halina sa tagumpay (sa buhay dito at sa kabila)!
Halina sa tagumpay (sa buhay dito at sa kabila)!
Ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila.
Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah.

Ang aklat na ito ay batay sa isang lathalain na may pamagat na "Understanding Islam and the Muslims" na inilimbag ng:

**AL-HUWAILAT MULTI-LANGUAGE LIBRARY**
**Opposite Al-Huwailat Recreation Center**
**P.O. Box 10528, Jubail 31961**
**Tel. 03-341-8639**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, mangyaring magsadya o sumulat sa:

**ISCAG-PHIL.**
**(ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE - PHILIPIINES)**
**P.O. Box 1447**
**Gnd.Floor AlForque Bldg.**
**935-A Aurora Blvd., Cubao, Quezon City 1154**
**Metro Manila, Philippines**
**Tel: 911-0130 Fax: 911-530**

O kaya'y makipagkita sa pinakamalapit na tanggapang pang-Islam sa inyong pook.

# ISLAMIC DA'WAH COMMITTEE

**ISCAG - PHILIPPINES**
**(ISLAMIC STUDIES, CALL & GUIDANCE - PHILIPPINES)**
**P.O. Box 1447**
**Gnd. Floor AlForque Bldg.**
**935-A Aurora Blvd., Cubao, Quezon City 1154**
**Metro Manila, Philippines**
**Tel. 911-0130 Fax. 911-5311**

**For More Information About Islam :**

*Please Contact :*

1. **ISLAMIC CENTER IN DAMMAM**
   DAMMAM POSTAL CODE 31131
   TEL. : (03) 8263535 - 8274800

2. **ISLAMIC CENTER IN AL-BADIAH OFFICE**
   P.O. BOX: 24932
   RIYADH 11456
   TEL. : (01) 43308[illegible]

3. **ISLAMIC EDUCATION FOUNDATION**
   P.O. BOX: 15798
   JEDDAH 21454
   TEL. : (02) 6731754 - 6730431

ح المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبديعة، ١٤٢٧هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

مكتب توعية الجاليات بالبديعة

نحو فهم الدين الإسلامي والمسلمين. / خالد ايفرستو - ط ٢ .-
الرياض، ١٤٢٧هـ

٣٢ ص، ١٢ × ١٧سم.

ردمك: ١-٧٥-٧٩٩-٩٩٦٠

(النص بلغة التقالوق)

١- الإسلام - مجموعات عامة

٢- اعتناق الإسلام أ- العنوان

ديوي ٢١٠ ١٤٢٧/٤٨٧٦

رقم الإيداع: ١٤٢٧/٤٨٧٦

ردمك: ١-٧٥-٧٩٩-٩٩٦٠

# نحو فهم للدين الإسلامي والمسلمين

## باللغة الفلبينية

## تقالوق

تاليف


**خالد إيفرستو**

بالتعاون مع

**مركز الدعوة والدراسات الإسلامية بالفلبين**

٣/١٥٦

# نحو فهم للدين الإسلامي والمسلمين

## باللغة الفلبينية تقالوق

تأليف

خالد إيفرستو


المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبديعة

تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

ص.ب ٢٤٩٣٢ الرياض ١١٤٥٦ - هاتف ٤٣٣٠٨٨٨ - فاكس ٤٣٠١١٢٢